Depinisyon

Mga Interbensyon na Nakabase sa Paaralan
Ang mga interbensyon o disiplina na nakabase sa paaralan ay maaring magamit ng pormal o impormal. Sa alinmang kaso, ang mag-aaral ay patuloy na papasok at kukumpletuhin ang mga gawain sa klase.

Ang impormal na gawain ay kinabibilangan ng mga interbensyon sa mga menor o maliit na paglabag sa mga alituntunin ng silid-aralan at hindi grabeng paglabag sa mga alituntunin ng paaralan na pinamamahalaan ng menor, karaniwang maikli, pagtatamang gawain. Ito ay ang mga uri ng interbensyon na ginagamit ng maingat ng nakakatanda para turuan ang mga bata sa nararapat na pag-uugali, at ito ay karaniwang iniuugnay sa bawat pag-uugali ng mag-aaral. Ang mga halimbawa ng mga impormal na interbensyon ay papupuntahin sa hulihan ng pila, mawalan ng recess dahil sa hindi pagsunod sa silid-aralan, magpapalamig ng ulo habang recess dahil sa peligrong pag-uugali, panandaliang tanggalan ng pribelehiyo sa maling paggamit ng pribelehiyo, kausapin ng guro, punong-guro o ibang kawani tungkol sa hindi nararapat na pag-uugali, at iba pa.

Ang mga magulang ay maari o hindi na sabihan tungkol sa impormal na pagdidisiplina, kung ang pangyayari ay menor, isang beses na nangyari, at ang mag-aaral ay hindi na inulit ang pag-uugali.

Ang pormal na gawain ay nangyayari kapag ang nakabase sa paaralan na disiplina ay ginamit para sa unang paglabag ng isang Kasalanang Pang-distrito. Ang paulit-ulit na paggawa ng mga menor na pag-uugali ay maaring maging sanhi na ang mag-aaral ay disiplinahin ng pormal rin. Ang mga halimbawa ng pormal na interbensyon na nakabase sa paaralan ay karaniwang kinabibilangan ng mas mahigpit na limitasyon sa mga mag-aaral, gaya ng paglilinis sa lunchroom, uupo sa isang espesyal na mesa habang kumakain ng tanghalian, maiwan pagkatapos ng klase, pumunta sa silid para sa pansamantalang pananatili, pagpasok sa araw ng Sabado, pagsali sa inisponsor ng paaralan ng klase para sa pag-uugali, mawalan ng maraming pribelehiyo, at iba pa. Ang pormal na interbensyon na nakabase sa paaralan ay maaring kabilangan ng pagpunta ng magulang sa paaralan para sa isang kumperensiya kasama ang inyong anak at isang administrador.

Ang pormal na paggamit ng isang interbensyon na nakabase sa paaralan ay kinakailangang tratuhin ng paaralan sa parehong pormalidad gaya ng isang panandaliang suspenyon, kabilang na ang pagtawag sa magulang/tagapag-alaga at pagpapadala sa bahay ng pormularyo sa Notice of Disciplinary Action (Abiso sa Gagawing Disiplina) kasama ang dahilan na nagpapaliwanag sa disiplina na nakabase sa paaralan. Ang disiplina na nakabase sa paaralan ay kinakailangang maitala sa pagdidisiplina na rekord sa kompyuter para sa mag-aaral. Ang mga magulang/tagapag-alaga ay maaring iapila ang pormal na disiplina na nakabase sa paaralan sa paghiling ng isang impormal na reklamo na komperensiya sa punong-guro.

Panandaliang Suspensyon
Ang panandaliang suspensyon ay tatagal mula sa isang (1) araw hanggang sa sampung (10) araw. Ang mag-aaral ay hindi maaring pumasok sa paaralan, hindi maaring sumali sa anumang gawain ng paaralan alinman sa paaralan o sa anumang lugar (gaya ng laro o sayawan), at hindi maaring pumunta sa anumang pag-aari ng paaralan sa panahong iyon. Sa katapusan ng panandaliang suspensyon, ang mag-aaral ay babalik sa parehong paaralan na kung saan siya ay nasuspinde.

Ang mag-aaral ay may karapatan na humiling ng mga araling-pambahay sa panahong iyon, ngunit sa dahilan siya ay hindi maaring makapunta sa paaralan para kunin ito, ang magulang ang kinakailangang makipag-ayos para makuha at maibalik ang nagawang asignatura.

Ang mag-aaral o ang magulang/tagapag-laga ay may hanggang sa dalawang (2) araw para iapila sa punong-guro ang pagpapatalsik kung kayo ay naniniwala na ang mag-aaral ay hindi ginawa ang pag-uugali na dinidisiplina o kung kayo ay naniniwala na ang administrador ay hindi sinunod ang pamantayan sa padidisiplina para sa kasalanan. Para mag-apila, tumawag sa paaralan at makipagtipan sa punong-guro para sa “Step 1 Grievance meeting” (Pagpupulong para sa Unang Hakbang ng Reklamo).

Pang-matagalang Suspensyon
Ang pang-matagalang suspensyon ay maaring tumagal mula sa labing-isang (11) araw hanggang sa kapatusan ng semestre. Ang mag-aaral ay hindi maaring pumasok sa paaralan, hindi maaring sumali sa anumang gawain ng paaralan alinman sa paaralan o sa anumang lugar (gaya ng laro o sayawan), at hindi maaring pumunta sa anumang pag-aari ng paaralan sa panahong iyon.

Ng maiwasan ang pagkawala ng kredito, ang mag-aaral ay kinakailangang kumpletuhin ang katapusan ng semestre sa pagpasok sa Reentry Program (programa para makapasok na muli sa regular na paaralan). Ang pang-matagalang suspensiyon ng 15 araw o mas mababa pa ay tinatrato na halos kagaya ng panandaliang suspensyon at ang mag-aaral ay nananatli lamang sa bahay sa panahon ng pang-matagalang suspensyon. Sa katapusan ng pang-matagalang suspensyon, ang mag-aaral ay maring bumalik sa parehong paaralan na nagsuspindi sa kaniya. Makipag-ugnayan sa Enrollment Center para maiayos ang pagtatala ng inyong anak sa isang paaralan na may Reentry Program.

Para sa pang-matagalang suspensyon ng 15 araw o mas mababa pa, ang mag-aaral ay may karapatan na humiling ng mga araling-pambahay sa panahong iyon, ngunit sa dahilan siya ay hindi maaring makapunta sa paaralan para kunin ito, ang magulang ang kinakailangang makipag-ayos para makuha at maibalik ang nagawang asignatura.

Ang mag-aaral o magulang/tagapag-alaga ay may hanggang sa tatlong (3) araw na iapila ang pagpapatalsik kung ikaw ay naniniwala na hindi ginawa ng iyong anak ang pag-uugali na dinidisiplina o kung ikaw ay naniniwala na ang administrador ay hindi sinunod ang mga pamantayan sa pagdidisiplina sa kasalanan. Para mag-apila, tumawag sa Discipline Appeals Office sa 252-0820.

Pagpapatalsik
Ang pagpapatalsik ay permanenteng pagtanggal mula sa sinabing paaralan. Ang mag-aaral ay hindi na maaring makabalik muli sa paaralan, bagaman siya ay maaring itala sa ibang Seattle Public School pagkatapos.

Ng maiwasan ang pagkawala ng kredito, ang mag-aaral ay kinakailangang kumpletuhin ang katapusan ng semestre sa pagpasok sa Reentry Program. Kapag nakumpleto na ng mag-aaral ang Reentry Program, siya ay maaring maitala sa ibang paaralan maliban sa nagpatalsik sa kaniya. Makipag-ugnayan sa Enrollment Center na maitala ang inyong anak sa isang paaralan na may Reentry Program.

Ang mag-aaral o magulang/tagapag-alaga ay may hanggang sa tatlong (3) araw na iapila ang pagpapatalsik kung ikaw ay naniniwala na hindi ginawa ng inyong anak ang pag-uugali na dinidisiplina o kung ikaw ay naniniwala na ang administrador ay hindi sinunod ang mga

pamantayan sa pagdidisiplina sa kasalanan. Para mag-apila, tumawag sa Discipline Appeals Office sa 252-0820.

Emerhensiyang Pagpapatalsik
Ang emerhensiyang pagpapatalsik ay nangangahulugan na isinasaalang-alang ng isang opisyales ng paaralan na ang pag-uugali ng mag-aaral ay patuloy na magiging peligro sa kaniyang sarili o sa iba, o ang kaniyang pag-uugali ay patuloy na nakakagulo sa pamaran ng pag-aaral.

Ang mag-aaral ay hindi maaring pumasok sa paaralan hanggang sa ang disiplina ay nabago o ang emerhensiyang pagpapatalsik ay tinanggal na. Ang mag-aaral ay hindi maaring sumali sa anumang gawain sa paaralan o pumasok ng walang pahintulot sa anumang pag-aari ng paaralan habang emerhensiyang napatalsik. Ang emerhensiyang pagpapatalsik ay karaniwang tumatagal ng 10 araw, ngunit maaring pahabain hanggang sa katapusan ng semestre kung nararapat na gawin iyon.

Karaniwan na, ang pagdidisiplina sa isang emerhensiyang pagpapatalsik ay igagawad kasabay ng pang-matagalang suspensyon o pagpapatalsik sa paaralan. Kung ang emerhensiyang pagpapatalsik lamang ang nakamarka sa pormularyo ng Notice of Diciplinary Action, minsan pagkatapos imbestigahan ang pag-uugali ng mag-aaral, ang emerhensiyang pagpapatalsik ay papalitan ng isang panandaliang suspensyon o pawalang bisa.

Kung isang emehensiyang pagpapatalsik lamang ang nakamarka sa pormularyo ng Notice of Disciplinary Action, ang mag-aaral o magulang/tagapag-alaga ay may hanggang sa sampung (10) araw na maiapila ang desisyon. Gayunpaman, kung ang emerhensiyang pagpapatalsik na nakalista kasama ng isang pang-matagalang suspensyon o pagpapatalsik, ang ma-aaral o magulang/tagapag-alaga ay may hanggang sa tatlong (3) araw para maiapila ang desisyon. Para mag-apila, tumawag sa Discipline Appeals Office sa 252-0820.

Emerhensiyang Pag-aalis
Ang Emerhensiyang Pag-aalis ay tinawag paminsan na "Safety Exclusion" o isang "Emergency Exclusion for Safety Reasons" (Emerhensiyang Pag-aalis Dahil sa Kaligtasan). Ito ay maaring maidugtong sa isang gawaing pagdidisiplina o maaring mag-isa para sa pangkalusugan at kaligtasan na isyu.

Ang Emerhensiyang Pag-aalis ay pag-alis agad sa paaralan na pinahihintulutan na kung saan ay may mabuti at sapat na pinaniniwalaang dahilan na ang pananatili na mag-aaral ay magiging peligro sa mag-aaral, ibang mag-aaral, o kawani ng paaralan na hindi dahil sa nakaraang pag-uugali. Ito ay ginagamit kung may pinaniniwalaang dahilan na ang mag-aaral ay magpapakamatay, ngunit maaring gawin din kung may matibay na batayan na ang mag-aaral ay papatay, sasalakay, o seksuwal na sasalakayin ang ibang tao sa paaralan. Ang emerhensiyang pag-aalis ay karaniwang tumatagal ng 10 araw, ngunit maaring maikli o pahabain depende sa pangyayari at mga hakbang na ginawa ng paaralan at mga magulang/tagapag-alaga para maialis o pamahalaan ang banta.

Ang mag-aaral o magulang/tagapag-alaga ay may karapatang iapila ang emerhensiyang pag-aalis sa ilalim ng parehong kondisyon para sa pag-aapila ng Emerhensiyang Pagpapatalsik. Ang paaralan ay kinakailangang magpakita ng matibay na ebidensiya ng isang kredibilidad, grabeng banta kung ang emerhensiyang pag-aalis ay ginamit. Para mag-apila, tumawag sa Discipline Appeals Office sa 252-0820.